# LIHIM NA PAGBAGSAK

*by:*
**Clarisse C. Estanislao**

Bawat piso ay mahalaga. Dugo't pawis ang kinakailangan upang masuklian ang pinaghirapan. Sa taas ng bilihin at mga pangangailangan, magdoble kayod ka upang di mahirapan. Lugi ang ipinanganak na mahirap, sapagkat triple ang suliraning hinaharap.

Ngunit marami ang nagagalak, sa mga balitang piso ay lumigwak, dolyar ay umaangat, magandang balita ba para sa lahat?

Panahon ng krisis, kabilaan ang agawan ng bansa, ubusan ng gasolina at pagtataas ng mga paninda. Patuloy na pagtaas ng dolyar sa Pilipinas ay damang dama.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Natutuwa si Tatay dahil nagpadala agad ng dolyar si Ate mula sa Amerika. Simula ng lumaki ang palitan ng dolyar sa piso ay nagpadala agad siya. Ang sabi'y gamitin hanggang mataas ang palitan ng pera. Magandang balita ito para sa pamilya.

Ngunit totoo ba? Maganda nga bang lamang ang pera ng banyaga kesa sa sarili nating pera? Kung totoo man ay bakit hindi ito dama? Naipalit man ang dolyar sa piso, ang gastos ng pamilya ay doble parin kumpara noon. Sa mataas na bilihin, hindi parin sapat ang dolyar na ipinadala. Hirap padin sapagkat mababa lang ang kita.

Akala natin ay biyaya ang pagtaas nya, ngunit nakatago ang masamang epekto nito sa ating pamumuhay at ekonomiya. Magtataas ang bayad sa mga produktong banyaga na ating kinukuha sapagkat mababa lamang ang halaga ng ating pera kaysa sa kanila. Kasunod na nito ang patung-patong na pagtaas ng produktong lokal, at lahat tayo ay makakaramdam ng epekto nya.

Magandang balita para sa mga OFW , sapagkat nakikita nilang malaking tulong ito para sa pamilyang naiwan rito. Ngunit masamang balita ito para sa mga karaniwang mamamayan na walang inaasahang dolyar na hahalina sa mabilis na pagtaas ng mga bilihin. Kawawa ang mamamayan. Nalilinlang at naloloko ng walang kaalam-alam. Sikretong ibinagbagsak ng mga nakatataas, patuloy na naghihirap ang mga nasa laylayan.

Natutuwa sa palihim na pagbagsak ng bansa sapagkat nasisilaw sa mataas na palitan ng perang banyaga.

*References:*

https://vincerapisura.com/dapat-ba-tayong-matakot-sa-pagbaba-ng-piso-laban-sa-dolyar/

https://www.gmanetwork.com/news/balitambayan/pinoyabroad/657027/paghina-ng-piso-may-epekto-rin-sa-mga-ofw-ayon-sa-eksperto/story/

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan